


Music

Unang Markahan – Modyul 3: Gumalaw Ayon sa Ritmo



**Music – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Gumalaw Ayon sa Ritmo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jennifer F. Marquez
Editor:	Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion, Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Charina S. Sogue, Engelbert B. Agunday
Tagaguhit:	Noriel V. Montano
Tagalapat:	Jennifer F. Marquez
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Musika

Unang Markahan – Modyul 3:
Gumalaw Ayon sa Ritmo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang matututo sa paggalaw gamit ang iba't ibang bahagi ng iyong katawan at makababasa ng **stick notation** sa sukat na dalawahan, tatluhan at apatan. Makalilikha ka rin ng mga tunog at makabubuo ng pansaliw sa isang awit.
(MU2RH-Ic-5)



Subukin

Panuto: Sukatin ang iyong kakayahan sa pagsasagawa ng mga kasanayan sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) sa loob ng kahon ayon sa iyong naging karanasan.

(1 bilang pinakamababa at 3 bilang pinakamataas)

Kasanayan

3 2 1

1. Nasisiyahan ako sa tuwing ako ay umiindak o sumasayaw.			
2. Naigagalaw ko ang iba't ibang bahagi ng aking katawan ayon sa musikang aking nadidinig.			
3. Natutukoy ko ang sukat ng awit kung ito ay dalawahan, tatluhan o apatan man.			
4. Nalalapatan ko ng galaw ang musikang aking nadidinig ayon sa sukat nito.			
5. Nagagamit ko ang panandang guhit (l) sa mga awit bilang gabay ko sa paggalaw.			

Ang Aking Komunidad

Taglay ng bawat bata kagaya mo ang angking kakayahan sa musika. Mula sa simpleng kagamitan at pagtugtog ng instrumento ay nakalilikha ng iba't ibang tunog at nakaaawit ng masaya. May angking kakayahan ka rin upang maigalaw ang mga bahagi ng iyong katawan gaya ng pagpalakpak, pagpadyak, pagkembot maging pagpalatak ng dila at marami pang iba ayon sa ritmo ng isang awitin.

Ang mga ito ay nagpapakita ng pagiging malikhain ng isang batang Pilipino gaya mo.

Awitin ang awit na nasa susunod na pahina at sabayan ito ng galaw ayon sa nakasalungguhit na salita. Tatluhan ang sukat ng awit na ito. Makikita mo ito sa panandang guhit na nasa ibaba ng bawat linya.

Umupo, Umupo, Umuga ang Bangka

2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1
 | | | | | | | | | | | |
 U-mu-po, u- mu-po, u-mu-ga ang bang-ka.

2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1
 | | | | | | | | | | | |
 U-mu-po, u- mu-po, u-mu-ga ang bang-ka.

2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1
 | | | | | | | | | | | |
 U-mu-po, u- mu-po, u-mu-ga ang bang-ka.

2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3
 | | | | | | | | | | | | | |
 U-mu-po, u- mu-po, u-mu-ga ang bang-ka.



Umupo, Umupo, Umga ang Bangka

U-mu-po u-mu-po u-mu-ga ang bang-ka U-mu-

po u mu po u-mu-ga ang bang-ka U-mu-po, u-mu-po u-mu-

ga ang bang-ka U-mu-po u-mu-po u-mu-ga ang bank-ka.



Balikan

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng iyong inawit?
2. Ano ang sukat ng awit na ito?
3. Ano-anong kilos ang iyong isinagawa sa pag awit?
4. Anong bahagi ng iyong katawan ang iyong ginamit upang maisagawa ang mga kilos na ito?
5. Gumawa ng panandang guhit base sa awiting inawit.



Mga Tala para sa Guro

Ang paggalaw ayon sa ritmo ay maisasagawa sa iba't-ibang kilos gaya ng pagpalakpak, pagpadyak, pagkembot, pagpalatak ng dila at marami pang iba. Ito ay nababatay rin sa sukat ng ritmo mayroon sa isang awitin.



Tuklasin

Isa sa mga pinakamahalagang elemento ng musika ang ritmo. Ang **rhythmic pattern** ay ang pinagsama-samang **note** at **rest** na naaayon sa isang nakatakdang **time signature**. Ito rin ang kombinasyon ng mga tunog na naririnig at hindi naririnig na may pareho o magkaibang haba.

Ang ating pag-awit, pagkilos, at pagtugtog ay magkakaugnay na gawain. Ibinabagay natin ang ating kilos o galaw sa tugtog.

Maaaring mahati sa dalawahan, tatluhan o apatan ang kumpas o **beat** ng isang awit para maipakita ang rhythmic pattern nito.




Suriin

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ilang bata ang kumekembot sa larawan?

- A. isa
- B. dalawa
- C. tatlo
- D. apat



2. Ilan ang batang nagmamartsa sa larawan?

- A. isa
- B. dalawa
- C. tatlo
- D. apat



3. Ilan ang batang lumulukso sa larawan?

- A. isa
- B. dalawa
- C. tatlo
- D. apat



4. Ang _____ ay isa sa mga pinakamahalagang elemento ng musika.

- A. panandang guhit
- B. steady beat
- C. ritmo
- D. awit

5. Ang _____ kombinasyon ng mga tunog na naririnig at hindi naririnig na may pareho o magkaibang haba.

- A. panandang guhit
- B. rhythmic pattern
- C. Musika
- D. ritmo



Pagyamanin

Panuto: Awitin, igalaw at isakilos mo ang awiting “Sampung mga Daliri”



“Sampung mga Daliri”

Sam - pung mga da - li - ri
 | | | | |
 ka - may at pa - a
 | | | | |
 Da - la - wang tai - nga,,
 | | | | |
 da - la - wang ma - ta
 | | | | |
 I - long na ma - gan - da
 | | | | |
 Ma - li - li - nis na ngi - pin
 | | | | |
 ma - sa - rap ku - ma - in
 | | | | |
 Di - lang ma - li - it nag - sa - sa bing
 | | | | |
 Hu - wag kang mag - si - nu - nga - ling.
 | | | | |

Sampung Mga Daliri

Sam-pung-mga da - li - ri - ka - may at pa - a da - la - wang tai - nga, da - la -
 7. wang ma - ta i - long na - ma - gan - da Ma - li - li - nis na ngi - pin, ma - sa - rap - ku - ma - in Di -
 14. lang - ma - li - it nag - sa - sa - bing 'wag kang mag - si - nu - nga - ling.

Sa awiting ito ay malinaw mong makikita na ang panandang guhit ay may sukat na **dalawahan**.

B. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng awiting may sukat na dalawahan?

- A. Bahay Kubo
- B. Tiririt ng Maya
- C. Ring-a ring o Roses
- D. Sampung mga Daliri

2. Gamit ang pandang guhit, alin sa sumusunod ang tamang nagsasaad ng sukat ng awiting Sampung mga Daliri?

- A. I I
- B. I I I
- C. I I I I
- D. I I I I I

3. Ano ang sukat ng awit na "Sampung mga Daliri"?

- A. isahan
- B. dalawahan
- C. tatluhan
- D. apatan

4. Ano-anong bahagi ng iyong katawan ang nabanggit sa awiting ito?

5. Ano ang mahalagang aral ang nabanggit sa awiting "Sampung mga Daliri"?



Isaisip

Ano ang mga natutuhan mo sa modyul na ito?

Tandaan:

Ang ritmo ng musika o awit ay maaring mabagal o mabilis. Ginagamitan natin ng **panandang guhit** o stick notation upang maipakita ang sukat ng mga ito.

Maaari itong **dalawahan**, **tatluhan** o **apatan**.

Maipahahayag mo ang ritmo ng awit sa pamamagitan ng paggalaw ng iba't ibang bahagi ng iyong katawan.



Isagawa

Awitin ang “Leron Leron Sinta” habang iwinawagayway mo ang iyong mga kamay kaliwa at kanan. Maaari mo ring sabayan ito ng pag indak ng iyong mga paa.



Leron Leron Sinta

Le - ron le-ron sin - ta, Bu- ko ng pa-pa- ya. Da - la - da - la' y bus- lo, si-

8
sid-lan ng-bu- nga Pag-da- ting sa du-lo'y na - ba-li ang sa-nga Ka - pos ka-pa-la-ran, hu-

16
ma - nap ng - i - ba.

Leron Leron Sinta

1 2
1 2
1 2
1 2

Le- ron Le-ron sin-ta Bu- ko ng pa-pa-ya

1 2
1 2
1 2
1 2

Da- la da-la'y bus- lo Si- sid-lan ng bu- nga

1 2
1 2
1 2
1 2

Pag-dating sa du-lo'y Na- nali ang sa- nga

1 2
1 2
1 2
1 2

Ka- pos ka-pa-la-ran, Hu- ma-nap ng i- ba.



Tayahin

Panuto: Iguhit ang masayang mukha 😊 sa patlang kung tama ang isinasaad sa pangungusap at malungkot na mukha 😞 naman kung mali.

- _____ 1. Nakikita ang sukat ng awit sa paggamit ng panandang guhit.
- _____ 2. Ang stick notation na ito | IIII | ay apatan.
- _____ 3. Ang stick notation na ito | III | ay tatluhan.
- _____ 4. Ang stick notation na ito | I | ay dalawahan.
- _____ 5. Nasiyahan ako sa mga awiting aking inawit kasabay ng paggalaw at pag indak ayon sa sukat ng mga ito.



Karagdagang Gawain

Panuto: Awitin ang “Lubi Lubi” gamit ang pinagsama-samang pinitpit na tansan. Sabayan mo ito ng sayaw na iyong nais.

Lubi Lubi

2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1
 | | | | | | | | | | | |
 E-ne-ro, Peb-re-ro, Mar-so, Ab-ril, Ma-yo,
 2 3 1 2 3 1 2 3 1 2 3
 | | | | | | | | | | | |
 Hun-yo, Hul-yo, A-gos-to, Set-yem-bre, Ok-tub-re,
 1 2 3 1 2 3 1 2 3 1
 | | | | | | | | | | | |
 Nob-yem-bre, Dis-yem-bre --- Lu-bi Lu-bi.



E - ne - ro Peb - re - ro, Mar - so, A - bril, Ma - yo, Hun - yo, Hul - yo, A - gos - to,



Set - yem - bre, Ok - tu - bre, Nob - yem - bre, Dis - yem - bre Lu - bi lu - bi.

Ritmo at Angkop na Kilos

Sa araling ito ay patuloy mong maipamamalas ang iyong kakayahan sa paggalaw ayon sa ritmo na may angkop na kilos ayon sa sukat ng awitin.




Balikan

1. Pakinggan at awitin muli ang “Umupo, Umupo, Umuga ang Bangka”.
2. Ipalakpak ang ritmo ng awiting ito.



Tuklasin

Awitin ang “May Tatlong Bibe” at sabayan ito ng galaw o indak na nais mo at nababagay sa awit.



May Tatlong Bibe

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

May tat-long bi- be a-kong na-ki- ta

1 2 3 4 1 2 3
 | | | | | | |

Mataba mapayat, mga bi - be,

4 1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Ngu - nit ang may pakpak sa li- kod ay i - isa

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Siya ang li -der na nagsa- bi ng kwak kwak

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Kwak kwak kwak . Kwak kwak kwak .

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Siya ang li-der na nagsa- bi ng kwak kwak

May Tatlong Bibe

May tat long bi be a kong na ki ta Ma ta ba ma payat, mga_ bi be. Ngu

5 nit ang may pak pak sa li kod ay i i sa sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

9 kwak kwak kwak kwak kwak kwak sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

Ano ang iyong nadarama habang inaawit ang “Tatlong Bibe?”




Napansin mo ba na apatan ang sukat ng awit?


Naiindak mo ba ito? Lubos ka bang nasiyahan habang ginagawa mo ang pag awit at paggalaw?



Suriin

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng iyong inawit?
 - A. Bahay Kubo
 - B. Leron Leron Sinta
 - C. May Tatlong Bibe
 - D. Magtanim ay Di Biro
2. Ano ang kumpas ng awiting Tatlong Bibe na iyong inawit?
 - A. isahan
 - B. dalawahan
 - C. tatluhan
 - D. apatan
3. Ano ang sukat ng panandang guhit na ito? 
 - A. isahan
 - B. dalawahan
 - C. tatluhan
 - D. apatan
4. Ano ang sukat ng panandang guhit na ito? 
 - A. isahan
 - B. dalawahan
 - C. tatluhan
 - D. apatan
5. Ano ang sukat ng panandang guhit na ito? 
 - A. isahan
 - B. dalawahan
 - C. tatluhan
 - D. apatan



Pagyamanin

Panuto: Gawin ang sumusunod na galaw sa ibaba ng stick notation.



Isaisip


Tandaan: Natutuhan sa araling ito ang pagbasa ng stick notation at masayang naisagawa ang mga galaw ng ayon sa ritmo ng awit.




Isagawa

Panuto: Awitin ang mga sumusunod na awit at sabayan ng galaw na makikita sa ibaba.

1. Leron Leron Sinta (dalawahan)



2. Watermelon (apatan)



Tayahin

Panuto: Markahan ng 1-3 ang tapat ng bilang kung gaano mo ito kahusay na naisagawa upang maipakita kung gaano mo naunawaan ang aralin.

3 – Buong husay 2 – Mahusay 1 - Hindi gaanong mahusay

Gawain	3	2	1
1. Nakababasa ako ng stick notation ayon sa mga halimbawang awitin sa araling ito.			
2. Nauunawaan ang stick notation sa iba't ibang sukat nito.			
3. Natutukoy ang kumpas at sukat ng awit kung ito man ay dalawahan, tatluhan o apatan man.			
4. Nakagagalaw ako ayon sa ritmo ng awit.			
5. Nasisiyahan ako sa pagbabasa ng stick notation ng isang awit kasabay ng pag indak.			



Karagdagang Gawain

Panuto: Awitin ang “Tirit ng Maya” at sabayan ng galaw na makikita sa ibaba. Maaari mo itong mapakinggan gamit ang **laptop** o **cellphone** sa **YouTube** kung mayroon kang **internet**.

Tirit ng Maya

Philippine Folk Tune

Moderato

Ti-ri - rit ng ma-ya, Ti-ri - rit ng I - bon, Ang hu
 5 ni ng t'yan ko'y fi-nu-mis na ba-boy; Ti-ri - rit ng i -
 10 bon, Ti - ri - rit ng ma - ya, Ang hu -
 13 ni ng t'yan ko'y fi-nu-mis na ba - ka.





Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

Subukin	1. Umupo, Umupo, Umuga, Umuga, ang bangka 2. apatan 3. umupo, umuga 4. beywang, pwet (tama kung anumang bahagi ng bata	1. b 2. c 3. d 4. c 5. b	1. d 2. a 3. b 4. daliri, kamay, paa, tenga, mata, ilong ngipin dila 5. huwag magsisi- nungaling	1. 2. 3. 4. 5.
Tayahin				
Pagayamanin				
Suriin				
Balikan	5. I I I I			
optional				

Aralin 2

Iskor	Kahulugan	15 May 100% na pagkatuto sa aralin, Napakahusay!	11-14 May 75%-95% na pagkatuto. May potensiyal na mapayaman ang kaalaman king bibigyan ng pokus.	6-10 May 40%-70% na pagkatuto. May ipinakikitang kakayahang ngunit nangangailangan ng higit na pansin sap ag-aral.	0-5 0%-35% na pagkatuto. Nangangailangang bigyan ng sapat na tulong sap ag-aral. Lubos na gabay ng guro at magulang ang kailangan.
Balikan	Tatuhang ang sukat na awit	1. C 2. D 3. D 4. B 5. C			

Sanggunian

Digo, Maria Elena. *Patnubay ng Guro: Music, Arts, Physical Education and Health-Ikalawang Baitang*. Unang Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Digo, Maria Elena. *Kagamitan ng Mag-aaral,: Music, Arts, Physical Education and Health-Ikalawang Baitang*. Unang Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Finale Music Notation Software (version 26). Arranger. MakeMusic, 2018

Gabay Pangkurikulum ng Musika sa Baitang 2. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph